# Babalik

## Flow G., Skusta Clee, Bosx1ne & Jroa

Makalipas ang mahabang panahon tsaka mo mararamdaman ang lubos na panghihinayang,
Sayang lamang dahil hindi na muling mahahawakan pa ang mga palad ko mula nang ako'y iyong bitawan,
Binasura ang pagmamahal hindi pinahalagahan,

Iniwanan moko kahit na walang sapat na dahilan,
Binitawan ang kamay ko sa gitna ng ulan at pinamuka mo sakin na hindi moko minahal,
Kaya sana wag na magbaka-sakali na maibabalik ang dating pag sinta di nabali,
Matapos mo'ng alisin ang higpit ng pagkakatali,
Babalik ka sakin nako po hindi na maaari,
Wala na ako'ng gana (wala na!)
Lahat ng sakit ay mag isa ko lang kinaya,
Kaya sana wag na'ng ma-ngamusta pa at umasa na maibabalik pa tayo
Ayaw na kitang kasama

(Chorus - JRoa)
Balang araw ay mag babalik ka din at maalala mo ang mga sandali na,
Tayo'y magkasama, tayo'y magkausap magdamag hanggang umaga,
Ngayon hindi mo pa makita, pero balang araw ay babalik ka

(Skusta Clee)
Bago mo sabihing hindi kita minahal, ano'ng proweba mo sabihin sakin (sabihin sakin),
Di ako nagkulang o nagkamali alam mo'ng pinaglaban ko pag ibig natin,
(Masaya kana ba?)
Masaya ka ba'ng nasasaktan ako bebi?
(Pag kasama mo siya)
Kulang nalang ay magpakamatay ako bebi!
Iiyak kunwari pag ako ang kaharap, pero pagtalikod mo ay mag lalaho na lahat,
Mga sinabi mo sakin ay puro lamang ka-shitan,
Sa lahat ng matino ako pa ang napagtripan, (oh no no no)
Babalik sayo ang (babalik sayo)
Ang mga ginawa mo saakin,
Pag ngyari yon hindi na kita kayang tignan

(Chorus - JRoa)
Balang araw ay mag babalik ka din at maalala mo ang mga sandali na,
Tayo'y magkasama, tayo'y magkausap magdamag hanggang umaga,
Ngayon hindi mo pa makita, pero balang araw ay babalik ka

{Bosxne}

Balang araw ay babalik ka,
Pero pag ngyari yon hindi na,
Hindi ko na makita,
Hindi ko na madadama dahil pinahina,
Mo ang aking kalooban,
Iniwanan mo pinaiyak tapos sinugatan.

Teka lang, bat ka nag babalik?
Alam mo ba'ng tapos na ako sa panananabik,
Kaya hindi na ulit magpapaka-sakit,
Hindi ko na naisip pang humalik.
Kaya hindi ko na kailangan pa ng yakap mo,
Hindi ko na kailangan pa, hindi na kita kailangan pa dito sa buhay ko.
Hindi mo ba nakita?
Hindi ko na kailangan ng saktan mo pa ng sobra,
Ngayon sakin babalik ka,
Hindi mo na ginalang sa harap ko umalis ka.
Wag ka sakin magpakita,
Ang mga iniwan mo'ng sugat sakin magaling na.
Wag na'ng bumalik pa,
Wala na akong balak sayo makipag bati pa.

(Chorus - JRoa)
Balang araw ay mag babalik ka din at maalala mo ang mga sandali na,
Tayo'y magkasama, tayo'y magkausap magdamag hanggang umaga,
Ngayon hindi mo pa makita, pero balang araw ay babalik ka

Lyrics Submitted by Rhon kelly

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/